Pansinin, nalalapit na may isang lalaking aabot sa kanya ang ḥadīth tungkol sa akin habang siya ay nakasandal sa sopa niya saka magsasabi siya: 'Sa pagitan namin at ninyo ay Aklat ni Allāh,

Ayon kay Al-Miqdām bin Ma`dīkarib (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Pansinin, nalalapit na may isang lalaking aabot sa kanya ang ḥadīth tungkol sa akin habang siya ay nakasandal sa sopa niya saka magsasabi siya: 'Sa pagitan namin at ninyo ay Aklat ni Allāh, kaya ang anumang natagpuan namin dito bilang ipinahihintulot ay magsasapahintulot kami at ang anumang natagpuan dito bilang ipinagbabawal ay magsasabawal kami nito.' Tunay na ang anumang ipinagbawal ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay gaya ng ipinagbawal ni Allāh."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām Ibnu Mājah]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nalapit na ang isang panahon na doon ay may isang uri ng mga tao na nakaupo, na ang isa sa kanila ay nakasandal sa sopa niya, na umaabot sa kanya ang ḥadīth tungkol sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka magsasabi: "Ang naghihiwalay sa pagitan namin at ninyo sa mga bagay-bagay ay ang Marangal na Qur'ān kaya ito ay nakasasapat na sa amin sapagkat ang anumang natagpuan namin dito na ipinahihintulot ay gumagawa kami ayon doon at ang anumang natagpuan namin dito na bawal ay lumalayo kami roon." Pagkatapos naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang bawat bagay na ipinagbawal niya o sinaway niya sa Sunnah niya, ito sa kahatulan ay tulad ng ipinagbawal ni Allāh sa Aklat Nito dahil siya ay ang tagapagpaabot tungkol sa Panginoon niya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65005